Paunawa ng Buod ng Medicare

para sa Bahagi A (Segurong Pang-Ospital)

Ang Opisyal na Paunawa ng Iyong mga Kahilingan sa Medicare mula sa Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid

PANGALAN
KALYE NG TIRAHAN
LUNGSOD, ESTADO 12345-6789

HINDI ITO PANININGIL

Numero ng Medicare

Petsa ng Pahayag

Tinapos ang Kahilingan
sa Pagitan ng

Ang Iyong Kahilingan at Gastos sa Panahon

Inaprubahan ba ng Medicare ang Lahat ng Kahilingan?

Tingnan sa pahina 2 kung paano tiyakin ulit itong pahayag

Total ng Maaari Kang Singilin

Mga Pasilidad na may Kahilingan sa Panahon na Ito

Ang Katayuan ng Iyong Maibabawas

Ang iyong maibabawas ay ang halaga na dapat mong bayaran sa bawat panahon ng benepisyo para sa karamihan ng mga serbisyong pangkalusugan bago magbayad ang Medicare.

Bahagi A Maibabawas:

Maging Mapang-alam!

Panahon na para sa iyong iniksyon sa trangkaso! Ang mga taong edad 65 pataas ay may mataas na panganib sa mga malubhang kumplikasyon mula sa trangkaso. Sakop ng Medicare ang iniksyon sa trangkaso. Wala kang babayaran kung ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga ay tumatanggap ng Medicare.

Makinabang ng Pinakamalaki sa Iyong Medicare

Paano Susuriin ang Pahayag

Nakikilala mo ba ang pangalan ng bawat pasilidad? Suriin ang mga petsa.

Nakuha mo ba ang mga nakalistang kahilingan? Pareho ba sa nakalista ang nasa iyong mga resibo at kuwenta?

Kung nabayaran mo na ang iyong kuwenta, nagbayad ka ba ng tamang halaga? Suriin ang pinakamalaking siningil sa iyo. Tingnan kung ang kahilingan ay naipadala sa iyong planong suplementong seguro sa Medicare (Medigap) o iba pang taga-seguro. Ang planong ito ay maaring magbayad ng iyong bahagi.

Paano Magsusumbong ng Pandaraya

Kung inaakala mo na ang pasilidad o ang mangangalakal ay kasangkot sa isang pandaraya, tumawag sa amin sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227).

Ang ilang halimbawa ng pandaraya ay kasama ang pag-aalok ng libreng mga serbisyong medikal, o paniningil sa iyo ng mg serbisyo ng Medicare na hindi mo nakuha. Kung mabatid namin na ang iyong sumbong ay nagtungo sa pagkakabunyag ng pandaraya, maari kang magtamo ng isang gantimpala.

Maaari kang gumawa ng pagkakaiba! Laging siyasatin ang iyong Paunawa ng Buod ng Medicare para sa tamang impormasyon tungkol sa mga bagay o serbisyo na natanggap mo .

Paano Makakakuha ng Tulong sa Iyong mga Tanong

1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)
Magtanong ng "mga serbisyong pang-ospital." Ang iyong kodigo sa serbisyo-sa-mamimili ay 05535.

TTY 1-877-486-2048 (para sa may pinsala sa pandinig)

Makipag-ugnay sa iyong Programa sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (SHIP) para sa libreng, lokal na pagpapayo sa segurong pangkalusugan.

Ang Iyong mga Panahon ng Benepisyo

Ang iyong pamamalagi sa ospital at sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga (SNF) ay sinusukat batay sa **mga araw ng benepisyo** at **mga panahon ng benepisyo**. Bawat araw na itinigil mo sa ospital o SNF ay ibinibilang tungo sa mga araw ng benepisyo sa panahon ng benepisyo. Ang panahon ng benepisyo ay nagsisimula sa unang araw na nakakuha ka ng panloob na mga serbisyo sa ospital, o, sa ibang pagkakataon, mga serbisyo sa SNF, at natatapos kung hindi ka nakakakuha ng panloob na pangangalaga sa ospital o panloob na sanay na pangangalaga sa SNF sa loob ng magkakasunod na 60 araw.

Panloob na Ospital:

Pasilidad ng Sanay na Pag-aalaga:

Tingnan ang iyong "Medicare at Ikaw" na libreta para sa higit na impormasyon sa mga pahanon ng benepisyo.

Ang Iyong mga Mensahe mula sa Medicare

Erhalten Kumuha ng iniksyon sa pneumococcal. Maaring kailanganin kmo nto ng isang beses lamang sa buong buhay. Makipag-ugnayan sa iyong tapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagkuha nitong iniksyon. Wala kang babayaran kung ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay tumatanggap ng pagtatakda ng Medicare.

Upang ipaalam ang pag-papalit ng tirahan, tumawag sa Seguridad Sosyal sa 1-800-772-1213. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-800-325-0778.

Ang maagang pag-alam ang pinakamabuti mong proteksyon. Itakda ang iyong mammogram ngayon, at tandaan na tumutulong ang Medicare sa pagbayad ng pagsusuri ng mammogram.

Kung tatawag ka sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), pakiusap na ihanda ang iyong kumpletong numero ng Medicare upang mahanap ang iyong rekord. Para mapangalagaan ang iyong kalihiman, hindi kasama dito sa MSN ang kumpleto mong numero.

Ang Iyong mga Panloob na Kahilingan sa Bahagi A (Segurong Pang-Ospital)

Ang Bahagi A Seguro sa Panloob na Ospital ay tumutulong magbayad ng panloob na pangangalaga sa ospital, panloob na pangangalaga sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga matapos ang pamamalagi sa ospital, pangangalagang pangkalusugan sa bahay, at pangangalaga ng hospisyo.

Mga Kahulugan ng mga Kulumna

Nagamit na mga Araw ng Benepisyo: Ang bilang ng sakop na araw ng benepisyo na nagamit mo sa bawat pagtigil sa ospital at/o pasilidad ng sanay na pag-aalaga. (Tumingin sa pahina 2 para sa higit pang impormasyon at ang kabuuan ng iyong panahan ng benepisyo.)

Inaprubahang Kahilingan?: Ang kulumnang ito ay nagsasabi kung sinakop ng Medicare ang panloob na pamamalagi.

Hindi-Sakop na Singil: Ito ang halaga na hindi binayaran ng Medicare.

Halaga na Binayaran ng Medicare: Ito ang halaga na binayaran ng Medicare sa iyong panloob na pasilidad.

Pinakamataas na Maaaring Singilin sa Iyo: Ang halaga na maaaring singilin sa iyo para sa mga serbisyo sa Bahagi A na kasama ang maibabawas, bahagi sa seguro batay sa mga nagamit mong araw ng benepisyo, at iba pang singil.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagsakop sa Medicare Bahagi A, tumingin sa iyong libreta ng "Medicare at Ikaw".

	Nagamit na mga Araw ng Benepisyo	Naaprubahang Kahilinginan?	Hindi-Sakop na Singil	Halaga na Binayaran ng Medicare	Pinakamataas na Maaring Singilin sa Iyo	Tingnan ang mga Nota sa Ibaba
Total para sa Kahilingan #						

	Nagamit na mga Araw ng Benepisyo	Naaprubahang Kahilinginan?	Hindi-Sakop na Singil	Halaga na Binayaran ng Medicare	Pinakamataas na Maaring Singilin sa Iyo	Tingnan ang mga Nota sa Ibaba
Total para sa Kahilingan #						

Paano ang Pangangasiwa ng mga Ipinagkait na Kahilingan o Pagharap ng Apila

Kumuha ng Higit na Detalya

Kung ang kahilingan ay ipinagkait, tumawag o sumulat sa ospital o pasilidad at humingi ng isang detalyadong pahayag para sa anumang kahilingan. Siguruhin na ipinadala nila ang tamang impormasyon. Kung hindi, sabihin sa pasilidad na makipag-ugnay sa aming opisina ng kahilingan upang itama ang mga kamalian. Maaari mong tanungin ang pasilidad ng isang detalyadong pahayag para sa alinmang serbisyo o kahilingan.

Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa higit na impormasyon tungkol sa desisyon sa pagsakop o pagbayad sa paunawang na ito, kasama na ang mga batas o polisa na ginamit upang makagawa ng desisyon.

Kung hindi Ka Sang-ayon sa Desisyon sa Pagsakop, Desisyon sa Pagbayad, o sa Halaga ng Pagbayad dito sa Paunawa, Maaari Kang Umapela

Ang mga apela ay dapat iharap sa kasulatan. Gamitin ang porma sa kanan. Kailangang matanggap ng aming opisina ng kahilingan ang iyong apela sa loob ng 120 araw mula sa petsa na makuha mo ang pahayag na ito.

Kailangang matanggap namin ang iyong apela sa:

PETSA

Kung Kailangan Mo ng Tulong sa Pagharap ng Iyong Apela

Makipag-ugnay sa amin sa: Tumawag sa 1-800-MEDICARE o sa iyong Programa sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (tingnan sa pahina 2) para sa tulong bago mo iharap ang iyong nakasulat na apela, kasama na ang tulong para magtalaga ng isang kinatawan.

Tawagan ang iyong pasilidad: Magtanong sa iyong pasilidad ng anumang impormasyon na makakatulong sa iyo.

Huminging tulong sa isang kaibigan: Maaari kang humirang ng isa, kagaya ng isang miyembro ng pamilya o

Magharap ng Apila na Nakasulat

Sundin ang sumusunod na mga hakbang:

1. Bilugan ang serbisyo(s) o kahilingan (s) na hindi ka sang-ayon dito sa paunawa.
2. Ipaliwanag sa kasulatan kung bakit hindi ka sang-ayon sa desisyon. Isama ang iyong paliwanag dito sa paunawa o, kung kailangan ng higit na puwang, idagdag sa hiwalay na papel dito sa paunawa.
3. Punuin ang lahat na mga sumusunod:
   Buong pangalan mo o ng iyong kinatawan (imprenta)

   Lagda mo o ng iyong kinatawan

   Numero ng iyong telepono

   Kumpletong numero ng Medicare
4. Isama ang anumang impormasyon tungkol sa iyong apela. Maaari mong tanungin ang iyong pasilidad ng anumang impormasyong makakatulong sa iyo.
5. Isulat ang numero ng iyong Medicare sa lahat ng dokumentong ipapadala mo.
6. Gumawa ng kopya ng paunawa at lahat ng suportadong dokumento para sa iyong mga record.
7. Ipadala ang paunawang ito at lahat ng suportadong dokumento sa sumusunod na direksyon:

   Medicare Claims Office

kaibigan, para maging kinatawan mo sa pagsasagawa ng apila

Alamin pa ang tungkol sa mga Apela

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga apela, basahin ang iyong libreta ng “Medicare at Ikaw” o bumisita online www.medicare.gov/appeals.